

Marso 18, 2026

Mahalagang paunawa mula sa Department of Developmental Services tungkol sa:

SELF-DETERMINATION PROGRAM (PROGRAMA SA SARILING PAGPAPASYA, SDP): GABAY SA PAG-ENROLL SA WAIVER D-2026-Pamamahala ng Kaso-002

Ang Dapat Malaman

Ipinapaliwanag sa direktibang ito ang isang bagong proseso upang matulungan ang mga regional center na mapataas ang bilang ng mga tao sa Self-Determination Program (SDP) Waiver. Nakatuon ito sa mga taong gumagamit na ng mga serbisyo sa Self-Determination. Ang pag-enroll sa waiver ay nagbibigay-daan sa mga pederal na pondo na saklawin ang bahagi ng gastos ng programa, na tumutulong sa programa na manatiling napapanatili.

Ano ang Magbabago

Isang bagong proseso ang itinatatag upang lubos na magamit ang karapat-dapat na pag-enroll sa SDP Waiver. Hindi binabago ng direktibang ito kung paano natatanggap ng mga indibidwal at pamilya ang kanilang mga serbisyo sa SDP, o sa mga tradisyonal na serbisyo.

May mga Katanungan?

Ang mga indibidwal at pamilya na may mga katanungan tungkol sa direktibang ito ay dapat makipag-usap sa kanilang regional center. Kung ang mga regional center ay may mga katanungan tungkol sa direktibang ito, dapat silang mag-email sa Federal.Programs@dds.ca.gov.

Alamin Pa

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Self-Determination Program, mangyaring bisitahin ang [seksyon ng SDP sa website ng DDS](https://www.dds.ca.gov/initiatives/sdp). (<https://www.dds.ca.gov/initiatives/sdp>).